

Taon XXXV Blg. 18 Setyembre 21, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Yayanigin ng mamamayan ang rehimeng US-Arroyo

alang pakundangan ang rehimeng US-Arroyo sa pagsasakatuparan nito ng mga patakarang lalong pumipiga at nagpapahirap sa mamamayang Pilipino. Ito ang tanging solusyon ng makadayuhan, antimamamayan at bulok na rehimen sa harap ng

kinakaharap nitong masidhing krisis sa ekonomya at pananalapi ng estado.

Ang krisis na ito ay tanda ng lalo pang pagdausdos ng buong naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal na pinangangasiwaan ng rehimen. Ang pagsidhi nito sa nagdaang mga taon ay bunsod ng bulag na pagsunod ng rehimeng US-Arroyo sa International Monetary Fund sa pagsasakatuparan ng liberalisasyon, pribatisasyon, deregulasyon at denasyunalisasyon.

Walang ibinunga ang mga patakarang ito kundi ang malawakang pagkawasak ng mga produktibong pwersa, malawakang disempleyo at papahigpit na dayuhang kontrol sa produksyon at yaman ng bansa. Binigyang-laya nito ang mga lokal at dayuhang monopolyo, katuwang ang mga naghaharing uri, na pumiga ng sobra-sobrang tubo at pakinabang mula sa mamamayan. Lalong malupit ang pandarambong sa bansa ng imperyalismo sa harap ng ibayong paglala ng pandaigdigang krisis ng monopolyong kapitalismo.



Lalo pang pinasisidhi ang kaapihan at paghihirap ng mamamayang Pilipino ng grabeng burukratikong korapsyon ng rehimeng Arroyo at pagprayoritisa nito ng pagpopondo sa pasistang makinarya at pagpapaigting ng "gerang kontra-terorismo" laban sa mamamayan.

Labis-labis ang desperasyon ng rehimen na makaahon mula sa kinasasadlakang malalim na krisis sa pananalapi at ekonomya. Nagkukumahog ito ngayong makaipon ng sapat na pondo para palutangin ang naghihingalong sistema sa pamamagitan ng pagpataw ng napakaraming dagdag na buwis. Pahihintulutan nito ang walang pakundangang pagtaas ng mga presyong mga bilihin at serbisyo.

Lalo nitong binabarat ang pondo para sa mga batayang serbisyo. Hinahadlangan nito ang matagal nang iginigiit na pagtataas sa sahod ng mga manggagawa at kawani. "Maghigpit ng sinturon," ang sinasabi nito sa hikahos nang mamamayan habang nagpapakasasa sa napakatataas na sweldo at benepisyo ang

Mga tampok sa isyung ito...

Pakikibaka para sa dagdag na sahod PAHINA 3 Ika-3 kumperensya ng Partido sa Cagayan Valley PAHINA 7 Matatagumpay na taktikal na opensiba sa Samar PAHINA 9 pinakamatataas na upisyal ng reaksyunaryong gubyerno at patuloy nilang nilulustay ang pampublikong pondo.

Ang mga hakbanging ito ng rehimeng US-Arroyo ang mismong magtutulak sa mamamayang Pilipino na magkaisa laban sa paghahari nito. Ito ay mag-uudyok ng malakas na daluyong ng protesta. Yayanigin nito ang poder ng rehimeng Arroyo hanggang sa iatras nito ang mga balak ipataw na buwis at iba pang pahirap sa mamamayan.

Ang mga rebolusyonaryong pwersa ay nasa gitna ng pagdaluyong ng malawak na protesta ng sambayanan na yayanig sa rehimeng US-Arroyo. Iminumulat at pinupukaw nila ang isip ng mamamayan at itinataas ang kanilang militanteng diwa. Ipinaliliwanag nila na walang ibang masusulingan ang mamamayan kundi ang lumaban upang pigilan ang lalo pang pangaapi sa kanila ng mga naghaharing uri. Ipinakikita nila na kailangang kumilos at ubos-kayang tutulan ng mamamayan ang mga ipinapataw na pahirap ng reaksyunaryong gubverno.

Dahil sa tindi ng krisis ng nag-

haharing sistema, malawak ang hanay ng mamamayang nakahandang lumaban sa iba't ibang paraan. Maging ang pambansang burgesya ay nauudyok na makipagtulungan sa rebolusyonaryong kilusan upang buuin ang masaklaw na pagkakaisang patriyotiko.

Responsibilidad ng mga rebolusyonaryong pwersa na buuin ang malawak na pagkakaisa ng mamamayang Pilipino laban sa mga makadayuhan at anti-mamamayang patakaran ng rehimeng Arroyo. Paborable and kundisyon upand mabuo ang malawak na pagkakaisa laban sa deregulasyon ng industriya ng langis at iba pang mga batas na nagbibigay sa mga dayuhan ng buong layang dambungin ang yaman ng Pilipinas. Marapat ding buuin ang malawak na pagkakaisa laban sa mga maanomalyang dayuhang pautang.

Ang pagsidhi ng krisis sa ekonomya at pagbulusok ng kabuhayan ng mamamayang Pilipino ay malinaw na nagpapakita ng pangangailan para sa rebolusyonaryong pakikibaka upang wakasan ang kasalukuyang bulok na sistema at itayo ang bago, progresibo, malaya at maunlad na sistema. Kung qayon,



responsibilidad ng mga rebolusyonaryong pwersa na puspusang isiwalat at ipaliwanag sa lahat ng panahon at pagkakataon, sa mga baryo, komunidad, pabrika at mga paaralan ang alternatibong programa ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng National Democratic Front.

Sa mga darating na buwan, kabi-kabilang sisiklab ang apoy ng mga protestang bayan. Ang mga lansangan sa kalunsuran ang magiging larangan ng paglaban ng mga manggagawa at kawani para sa karaqdaqanq sahod; ng karaniwang mamamayan laban sa paqtaas ng presyo ng mga produktong langis, singilin sa kuryente at tubiq, at laban sa mga karaqdagang buwis at iba pang pahirap ng rehimeng US-Arroyo. Sa kanayunan, patuloy na raragasa ang pakikibaka ng masang magsasaka laban sa malawakang pangangamkam ng lupa at para sa tunay na reporma sa lupa.

Kaalinsabay nito, patuloy na puspusang isusulong ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa kanayunan. Ang mga taktikal na opensiba ng BHB laban sa armadong haligi ng reaksyunaryong naghaharing sistema ay ambag sa pakikibaka ng mamamayan laban sa pang-aapi at pagpapahirap sa kanila ng rehimeng US-Arroyo.



Taon XXXV Blg. 18 Setyembre 21, 2004

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wi-kang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligay-non, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
anabayan@yahoo.com

#### Nilalaman

#### Editoryal Yayanigin ng bayan ang rehimeng US-Arroyo! 1 Pakikibaka para sa dagdag na sahod 3 ₱3,000 daqdaq na sweldo, iqiniqiit 4 Patakaran sa enerhiya 5 Singil sa kuryente itataas na naman 5 Malalang katiwalian sa Napocor 6 Walang kahihiyang pagpapakasasa 7 Kumperensya ng Partido sa HSL 7 BHB, umaani ng tagumpay sa Samar Balita 10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Itaas ang antas ng pakikibaka para sa makabuluhang dagdag na sahod

umpak at lubos na kinakailangan ang muling pagsigla ng pakikibaka ng mga manggagawa para sa dagdag na sahod. Nananatiling wasto at makatarungan ang panawagang dagdagan ng P125 ang arawang minimum na sahod upang mapaliit ang napakalaking agwat sa pagitan ng natatanggap na sahod sa aktwal na pangangailangan ng mga pamilya ng mga manggagawa.

Layunin ng pakikibakang ito na pigilin ang tuluy-tuloy na pagdausdos ng kakayahang bumili (purchasing power) ng mga manggagawa bilang tugon sa tuluy-tuloy na hambalos ng pang-ekonomyang krisis. Ngunit higit pa rito, tinutugunan nito ang batayang karapatan at kundisyon ng makatao at disenteng pamumuhay na ipinagkakait at marahas na niyuyurakan ng mga kapitalista, kasabwat ang mga naghaharing uri na nasa pusisyon.

Inilalantad nito ang sistema ng sahurang pang-aalipin at nilalabanan ang walang hangganang pagsasamantala sa mga manggagawa at lahat ng masang anakpawis. Tinutumbok nito ang pangangailangan para sa pambansa-demokratikong rebolusyon bilang solusyon sa krisis pangkabuhayan na likas sa malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan.

Kakoro ang mga padrino nitong kapitalista, patuloy na hinahadlangan ng rehimeng Arroyo ang pagtataas ng sahod. Sa nakaraang tatlong taong panunungkulan nito, wala itong makabuluhang idinagdag sa sahod maliban sa pabaryabaryang inilimos ng mga regional wage board na mas nakainsulto kaysa nakatulong sa mga manggagawa. Masahol pa, ipinapanukala ngayon ng rehimen ang buu-buong

pagbawi sa kakarampot na idinagdag sa pamamagitan ng mga bago at dagdag na buwis.

Kailangang mahigpit na panghawakan ng

kilu-

sang

mangg a g a w a
ang lakas nito
upang magkamit ng
mga tagumpay sa pakikibaka para sa karagdagang sahod. Maaaring
sumiklab ang isang pambansang pakikibaka para
sa karagdagang sahod
kung puspusang palalaka-


sin ang pagkakaisa ng iba't ibang mga sentro ng paggawa. Kailangang puspusang palakasin ang mga unyon at organisasyon ng mga manggagawa, laluna sa mga lugar na pinakamataas ang kanilang konsentrasyon. Napakahalagang basagin ang terorismo ng estado at malalaking kapitalista sa mga enklabo at igiit ang kalayaan doon ng mga manggagawa na mag-organisa at magpahayaq. Napakahalagang labanan ang mga dilawan kung saan sila nakapangingibabaw. Pagtuunan din ng pansin ang mga komunidad ng mga mala-manggagawa at mga manggagawang bukid. Ang kanilang mga unyon at organisasyon ang magbabandila sa panawagang itaas ang sahod sa kani-kanilang mga lugar.

Kasabay ng pakikibaka para sa dagdag na sahod sa nakaraan, marapat ding ipagpatuloy ang paglalantad ng malalaking usapin sa kilusang paggawa katulad ng malawakang disempleyo, kontraktwalisasyon at panunupil sa mga karapatan sa paggawa. Ang mga kampanyang ito ang papayong at susuporta sa lokal na mga pakikibaka at maaaring maging sentrong panawagan para sa pagpapalawak at pagpapalakas ng mga unyon.

Kaugnay nito, napakahalagang ilantad at labanan ang mga tuso at mapanghating maniobra ng mga dilawan at kontra-rebolusyonaryo. Sila ay nagpapanggap na boses ng mga manggagawa at naghahain ng kung anu-anong alternatibang bumubuntot sa pangangatwiran ng mga kapitalista at ng rehimen at dumidiskaril sa pakikibaka ng mga manggagawa.


Napakataba ng lupa para palawakin ang nagkakaisang prente para sa pagtataas ng sahod. Tiyak ang paglawak ng mga alyansang nabuo sa pagitan ng mga manggagawa at mga demokratikong pwersa sa simbahan, mga lokal na gubyerno at iba pang mga institusyon. Tiyak ding lalawak pa ang mga taktikal na alyansa sa mga seksyon ng mga naghaharing uri habang mabilis na lumalala ang krisis ng buong naghaharing sistema.

Higit kailanman, mahalagang nakapwesto ang kilusang manggagawa sa unahan ng kilusang masa sa kalunsuran. Naghihintay lamang ng kumpas at direksyon ang disgusto at galit ng mamamayang lalo pangayong pinahihirapan ng krisis at malulupit na patakarang pang-ekonomya ng rehimen.



# ₱3,000 dagdag na sweldo, iginigiit ng mga manggagawang pangkalusugan

Lumalawak ang suporta para sa dagdag na P3,000 across-the-board na sweldo para sa mga kawani ng gubyerno. Nitong Setyembre 13, pinangunahan ng 30 nars sa Philippine General Hospital (PGH) ang mga manggagawang pangkalusugan sa pagpapakalbo noong Setyembre 13 bilang protesta sa mababang sahod na tinatanggap nila. Nakasulat sa kalbo nilang mga ulo ang hiling na umento. Naglunsad rin ng noise barrage ang mga manggagawang pangkalusugan upang igiit ang hinaing ng 3,900 empleyado ng PGH.



Ang PGH ay pangunahing ospital ng gubyerno sa bansa ngunit tumatanggap ang isang kawani ng utility staff nito ng ₱5,082 kabuuang sweldo kada buwan. Mas mababa ito sa itinakdang minimum na sweldo na ₱8,000 sa Metro Manila habang ang mga nars ay ₱9,000 ang kabuuang kita. Lumiliit pa ito dahil sa buwanang pagkakaltas ng income tax, hulog sa Government Service Insurance System (GSIS), kontribusyon sa Philhealth at iba pa.

Mababa rin ang sahod ng mga doktor. Kumikita lamang ng ₱15,841 kada buwan ang isang resident doctor, ayon sa isang upisyal ng PGH Physicians' Association. Hirap na rin sila dahil noong Nobyembre 2003 pa lamang, ang kailangan nang kitain para sa isang anim-kataong pamilya sa Metro Manila ay P16,739.70 bawat buwan o P557.99 kada araw.

Nakatakda ring maglunsad ng mga kilos protesta ang mga manggagawang pangkalusugan sa Jose Reyes Memorial Medical Center, Tondo Medical Center, Philippine Children's Medical Center at Philippine Heart Center.

Samantala, inihapag ni Kong. Rafael Mariano ng partidong Anakpawis ang House Bill No. 1064 para sa ₱3,000 *across-the-board* na dagdag na sweldo para sa mga empleyado ng qubyerno.

### Rebolusyonaryong patakaran sa enerhiya

Sa harap ng walang tigil na pagtaas ng presyo ng langis, marapat lamang na makibaka ang mamamayang Pilipino upang ibasura ang batas sa deregulasyon ng industriya ng langis. Wala itong mabuting idinulot sa mamamayan at nagbigay lamang ng buong laya sa mga dayuhang korporasyon sa langis na itaas ang presyo ng kanilang mga produkto.

Gayunman, habang umiiral ang mapang-aping sistemang malakolonyal at malapyudal, anumang tagumpay na maaaring makamit laban sa deregulasyon ng industriya ng langis at sa walang awat na pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo ay magiging panandalian lamang.


Hindi dapat kaligtaan na ang ugat ng problema ay ang dominasyon at monopolyo ng mga imperyalistang kumpanya sa industriya ng langis. Samakatwid, mareresolba lamang ito sa pamamagitan ng rebolusyonaryong transpormasyon ng sistemang panlipunan sa Pilipinas at sa buong daigdig.

Tanging ang programa para sa demokratikong rebolusyong bayan ang may ganitong perspektiba kaugnay ng usapin. Nasyunalisasyon ng industriya ng langis ang inihaharap nitong solusyon. Isesentralisa sa demokratikong estadong bayan ang importasyon at pagrerepina ng krudong langis at ang distribusyon ng mga repinadong produktong petrolyo.

Maaaring pahintulutan sa isang takdang antas at panahon ang pribadong pagtitingi ng mga produktong ito. Subalit ang kalakhang bahagi ay ilalagay sa kontrol ng estado.

Sa importasyon, makikipagkasundo ang estado sa mga bansang mag-aalok ng krudong langis sa pinakamababang presyo.

Magiging bahagi rin ng kum-



prehensibong solusyon ang pagsisikap na bawasan ang pag-asa sa imported na langis sa pamamagitan ng paglalaan ng sapat na pansin at rekurso sa paghahanap at pagpapaunlad ng lokal na mga alternatibong mapagkukunan ng enerhiya katulad ng natural gas, hydroelectric power, geothermal power, nuclear power at iba pa. Bukod pa ito sa paghahanap ng lokal na mga deposito ng langis.

### Singil sa kuryente itataas na naman

ay dagdag na namang babalikatin ang mamamayan mula sa di maawat na pagkalugi ng Napocor. Kasabay ng walang tigil na pagtaas ng presyo ng gasolina, LPG, pagkain at iba pang bilihin at serbisyo, muli na namang tataas ang singil sa kuryente.

Inaprubahan ng Energy Regulatory Commission nitong Setyembre ang petisyon ng Napocor na itaas nang 98 sentimos kada kilowatthour (kWh) ang kuryenteng ibinebenta nito sa mga power distributor tulad ng Meralco. Ipapasa lamang ng mga distributor tulad ng Meralco at mga kooperatiba sa kuryente ang pagtaas na ito. Dahil dito, tinataya ang matarik at dramatikong pagtaas sa singil sa kuryente sa unang bahagi ng 2005.

Bukod sa Meralco, ilan pa sa

mga kumukuha ng kuryente sa Napocor ang Visayan Electric Co., Cagayan de Oro Power and Light Co., Davao Light and Power Co. at ang mga *electric cooperative* sa mga prubinsya.

Ang 98 sentimos na pagtataas ay 40% ng kasalukuyang singil ng Napocor at kalahati lamang ng aktwal na ipinetisyon ng Napocor. Tataas ang singil ng Napocor sa Luzon mula P2.57 tungong P3.80 bawat kWh, sa Visayas nang P2.82-P3.04 at sa Mindanao nang P1.80-

₱2.07 sa Mindanao.

Para sa mga kumokonsumo ng 200 kWh sa Luzon mula sa mga distribyutor na suki ng Napocor, madaragdagan ng ₱246 ang kanilang bayarin sa kuryente; ₱44 naman ang dagdag sa Visayas at ₱54 sa Mindanao.

Sa halip na harapin ang mga batayang suliranin ng Napocor tulad ng malawakang korapsyon na nagdudulot ng pagkalugi nito at ng pagtataas ng singilin, todo-bigay lamang ng pakonswelo-de-bobo si Arroyo sa pag-aatas sa Department of Energy na tiyaking mabigyan ng diskwento sa singil sa kuryente ang mahihirap na konsyumer.

Sa gitna ng matinding pagkakabaon sa utang

# Malalang katiwalian at kabulukan sa Napocor

S a maraming naluluging bangkrap na government-owned and -controlled corporations (GOCC), ang National Power Corporation (Napocor) ang may pinakamalaking pagkalugi. Sa nakaraang anim na taon, umabot sa mahigit ₱166 bilyon ang nalugi ng Napocor. Ngayong taon, inaasahang malulugi ito nang ₱114 bilyon. Noong nakaraang taon pa lamang, ang kabuuang ₱1.3 trilyong utang nito ang bumuo sa 42% ng kabuuang utang ng bansa.

Labis-labis ang pagkalugi ng Napocor, hindi dahil nakapagbibigay ito ng murang kuryente sa mamamayan, kundi dahil sa pagsasapribado ng bahagi nitong kumikita (para maibenta sa mga dayuhan); at dahil sa malawakang pagpapakasasa ng mga upisyal nito.

Isa na rito ang tagapangulo nitong si Rogelio Murga na tumatanggap ng ₱107,000 kada buwan bukod pa sa mga benepisyo at sarisaring pribilehiyo. Nabunyag ang malaking iskandalong ito nito lamang Setyembre at dahil dito'y napilitang maghapag ng pagbibitiw si Murga.

Sa halip na kastiguhin si Murga sa pagpapakasasa nito at sa pagpapabaya sa Napocor, pinuri pa ito ng rehimeng Arroyo dahil umano sa "mabubuting" nagawa nito sa kumpanya. Isa sa tusong naipatupad ni Murga ang pagpapababa sa mga gastusin ng Napocor sa pamamagitan ng streamlining o pagpapatalsik ng mga manggagawa at kawani. Sa ilalim ng kanyang pamumuno, binawasan ang bilang ng mga manggagawa ng Napocor mula 8,000 tungong 3,700. Nagmula ito sa 13,000 noong 1998. Nakatipid umano ang gubyerno ng P800 milyon mula rito.

Ngunit kasabay ng ipinangangalandakang pagtitipid, gumastos ng mahigit P10 bilyon ang Napocor para sa *retirement benefits* ng matataas na upisyal nito. May mga nagsipagretiro namang muling binigyan ng pwesto. Halimbawa, ang dating presidente ng Napocor na si Roland Quilala ay muling pinaupo bilang senior vice president for corporate services ng Napocor.

Sa harap ng pagkakabunyag ng mga anomalyang ito, ipinanawagan lamang ng rehimen sa matataas na upisyal ng korporasyon na "magtitipid" alinsunod sa balangkas ng pakitang-taong kampanya ng gubyerno. Kunwari ay nagtuturuan ngayon ang rehimen at ang kongreso kung sino ang maysala sa pagpapaubaya sa mga upisyal na ito na magkaroon ng matataas na sweldo. Ngunit kasabay nito'y ipinagtatanggol ng rehimen ang masisibang upisyal sa pangangatwirang ang tinatanggap ng mga ito ay katumbas lamang sa mga katapat nilang upisyal sa pribadong sektor.

Sa kasalukuyan, umaabot na sa P5.4 trilyon ang kabuuang utang ng bansa. Ang P3.3 trilyon nito ay direktang inutang ng reaksyunaryong gubyerno habang ang P2.1 trilyon ay utang ng mga korporasyon ng gubyerno. Ngunit sangkatlo o P1 trilyon ng P3.3 trilyon na utang ng gubyerno ay sa aktwal mga utang ng mga GOCC na isinabalikat ng gubyerno.

Noong Hulyo, iniatas ni Arroyo ang pagsasapribado sa 70% ng generation assets ng Napocor sa loob ng 18 buwan. Ito na diumano ang pinakasolusyon upang masalba ang qubyerno sa malaking pagkakautang na hindi kayang bayaran. Ipinambobola pa nito na sa pagpasok ng mga dayuhang kumpanya na bibili sa Napocor, bababa ang presyo ng kuryente dahil sa kumpetisyon. Tila sirang plaka ito sa pagtatambol ng pribatisasyon kahit alam na alam na naman ng mamamayan na maqdudulot lamang ito ng ibayong pagtaas ng presyo ng kuryente.

### KALUGIHAN NG NAPOCOR 1998-2003 **TAON HALAGA** 1998 ₱3.617 bilyon 1999 ₱5.95 bilyon 2000 ₱12.96 bilyon 2001 ₱10.4 bilyon 2002 ₱33.7 bilyon 2003 ₱100 bilyon

### Walang kahihiyang pagpapakasasa

Nakalulula ang laki ng lantarang kinukulimbat ng matataas na upisyal ng mga GOCC at mga institusyong pampinansya ng gubyerno. Ang sumusunod ay ilan lamang sa mga upisyal na ito at ang kanilang tinanggap na sweldo bawat taon:

- Virgilio Angelo, manager ng PCSO, ₱6.5 milyon;
- ► Sergio Apostol, chairperson ng PNOC , ₱9.2 milyon;
- ▶ Lilia Bautista, chairperson ng SEC, ₱4.25 milyon;
- ► Rufino Bomasang, CEO ng PNOC, ₱6.12 milyon;
- ► Thelmo Cunanan, chairperson ng PNOC, ₱6.05 milyon;
- ▶ Jesus Diaz, EVP ng LandBank, ₱3.56 milyon;
- ► Edgardo Garcia, COO ng DBP, ₱7.48 milyon;
- ▶ Winston Garcia, chairperson ng GSIS, ₱5.6 milyon;
- ▶ Ricardo Golpeo, ng PCSO, ₱4.13 milyon;
- ▶ Rolando Geronimo, EVP ng DBP, ₱5.5 milyon;
- ▶ Ma. Livia de Leon, chairperson ng PCSO, ₱9.85 milyon;
- ► Remedios Macalincag, presidente ng DBP, ₱6.29 milyon;
- ▶ Vivencio Macapagal, EVP ng DBP, ₱5.28 milyon;
- ► Rodrigo Supena, SVP ng LandBank, ₱4.06 milyon



### Kumperensya ng tagumpay sa Hilagang

Silangang Luzon

Bakahin ang konserbatismo at surenderismo. Mapangahas na kamtin ang malalaking pagsulong. Ito ang itinakdang mga tungkulin ng mga rebolusyonaryong pwersa sa Hilagang Silangang Luzon (HSL) nang idaos ang ikalawang panrehiyong kumperensya ng Partido rito noong 1999.


Nitong kalagitnaan ng 2004, sa ikatlong kumperensya ng rehiyon, buong galak na idineklara ng Komite ng Partido sa HSL ang matagumpay na pagtupad sa itinakdang mga tungkulin noong 1999. Ang kumperensyang dinaluhan ng 36 na delegado at tatlong tagamasid ay nailunsad sa isang bagong kinokonsolidang baryo sa rehiyon sa kabila ng mahigpit na paggalugad ng kaaway.

Inihalal din ng kumperensya ang bagong pamunuan ng rehiyon. Larawan ng pinagsanib na mayamang karanasan ng mga datihang kadre at marubdob na kasiglahan ng mga bago ang kahahalal na pamunuan. Itinakda rin ang mas malalaki pang mga tungkulin ng rebo-

lusyonaryong kilusan sa HSL sa susunod na tatlong taon. Layunin ng bagong Tatlong Taong Programa na "pabilisin pa ang pagpapalaki ng kakayahan para makatugon sa pambansang panawagan na itaas ang antas ng digma."

Makabuluhan ang mga naipong tagumpay na tinutuntungan ng gayong layunin. Kahit

may lumbay sa dibdib ang mga delegado dahil sa pag-alay ng buhay ng ilang namumunong kadre at kasapi, masigabong palakpakan ang narinig sa bulwagan ng kumperensya sa pagbaybay ng Ulat Pampuli-



tika sa mga tagumpay na natamo. Mga tagumpay ito na hindi madaling nakamit dahil dumaan muna ang organisasyon ng Partido sa rehiyon sa maiigting na tunggalian ng linya sa loob ng mga komite ha-

bang hinaharap naman ng maliit pang pwersang rebolusyonaryo ang malaki at malakas na tropa ng kaaway. Ngunit sa gabay ng pambansang pamunuan ng Partido, sa katapatan sa adhikain ng mga kadre at kasapi, sa taimtim na pagnanais na umabante ang rebolusyon at dahil napakapaborable ng kalagayan para sa militanteng pagkilos ng mamamayan laban sa pang-aapi at pagsasamantala, na-

baka ang konserbatismo at mga pag-aalangan. Matatag na pinamunuan ng mga komite ng Partido ang mga laban ng masa at ang mga yunit ng hukbo sa gawaing militar.

Ayon sa Ulat Pampulitika, natriple ang buong kasapian ng Partido sa HSL sa nakara-

ang limang taon. Higit sa doble ang idinami ng mga lokal na sangay at napatatag ang pamumuno ng Partido mula antas rehiyon hanggang seksyon.

Taong 2003 nang ang lahat ng mga komiteng larangan ay mamuno at magtagumpay sa paglaban sa malawakang pangangamkam ng lupa at sa pagpapababa ng interes sa pautang. Aabot sa 50% ang ibinaba ng umiiral na interes sa pautang. Naitaas ang presyo ng mga produkto at naalis ang malaking bahagi ng pandaraya sa pamilihan sa 350 baryo sa 12 bayan. Nabenepisyuhan ang humigit-kumulang 366,800 katao o 55,000 pamilya. Kumilos ang 10,000 magsasaka sa 200 baryo.

Taong 2004 naman nang pagsabayin ang pakikibakang elektoral at rebolusyong agraryo para pagsilbihin ito sa isa't isa, at patalsikin ang despotikong gubernador ng isang prubinsya sa halalan. Nagka-

mit din ng mga positibong resulta ang kampanyang antimalarya sa hanay ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at masa.

Damang-dama ng mamamayan sa rehiyon ang tamis ng gayong mga tagumpay sa harap ng malalang kahirapang dinaranas nila lalupa't biktima rin sila ng pangaapi ng mga warlord at pandarahas ng militar. Sa pagtatagumpay ng mga pakikibakang masang pina-

Paborable at

napakahusay ng

kalagayan sa rehiyon

para higit at lahatang-

panig na sumulong ang

rebolusyonaryong

kilusan at makamit ang

mga layuning itinakda

ng katatapos na

kumperensya

munuan ng Partido, higit pang kinilala ng malawak na mamamayan ang pampulitikang impluwensya ng armadong rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon.

Nagsimula nang lumawak kapwa ang konsolidado at pinagpapalawakang mga baryo. Pansamantalang lumiit

ang bilang ng mga ito nang magtipon ang dating hiwa-hiwalay na mga iskwad upang itayo ang platun bilang saligang pormasyon. Di lamang muling lumawak ang mga lugar na kinikilusan, narekober din ang mahahalagang bayan, kabilang yaong dating ikinakategoryang "matigas". Napatunayang walang lugar na matigas kapag ang interes ng masa ang isinusulong, imbes na idaan ito sa "recovery by fire," na siyang ginamit noong kalagitnaan ng dekada 1980.

Nadoble ang laki ng baseng masa, natriple ang bilang ng mga grupong pang-organisa, organisadong masa, organisadong kababaihan at kabataan. Apat na beses ang inilaki ng bilang ng mga organisadong magsasaka at 12 beses ang inilaki ng bilang ng mga aktibista. Lumaki nang 35 beses ang bilang ng mga komiteng pang-organisa, at mula sa wala ay naitayo ang ilampung ganap na samahang

masa.

Higit sa doble ang inilaki ng BHB sa rehiyon. Bago ang panahong tinasa, walang nailunsad na taktikal na opensiba (TO) sa loob ng apat na taon. Sa ngayon, lahat ng mga larangang gerilya ay nakapaglunsad na ng mga TO.

Sa lunsod at kabayanan, mga militanteng pwersa ang siyang nagdadala ng laban ng mga kilusang magsasaka at kabataan sa rehiyon. Dahil sa kampanya laban sa malawakang pangangamkam ng lupa, nagkamit ang mga magsasaka ng isang antas ng tagumpay sa anim na malalaking tipak na sumasaklaw sa 36,579 ektarya ng lupa. Ang progresibong samahang estudyante naman ang siyang namumuno sa konseho sa pinakamalaking unibersidad sa rehiyon, at patuloy itong lumalawak.

Paborable at napakahusay ng kabuuang kalagayan sa rehiyon para higit at lahatang-panig na sumulong ang rebolusyonaryong kilusan at makamit ang mga layuning itinakda ng katatapos na kumperensya. Para makamit ang mga ito, kailangang anihin ang mga tagumpay sa rebolusyong agraryo at pakikibakang elektoral at itaas pang lalo ang antas ng pakikibaka ng mamamayan at hukbong bayan. Sa hanay mismo ng Partido, dapat ipursiqi pa ang pagpapahusay sa gawaing edukasyon at organisasyon. Kailangan pang pabilisin, pasinsinin at pataasin ang antas ng gawaing masa. Sa larangang militar, kailangan ding puspusin ang pagpawi sa konserbatismo at paghusayin ang pagbubuo ng hukbong bayan at ang estilo ng paggampan sa gawaing militar.

Sa patuloy na pagpupunyagi ng mga rebolusyonaryong pwersa sa HSL, sa susunod na kumperensya ay aalingawngaw muli ang masigabong palakpakan ng mga delegado bilang pagsalubong sa mga tagumpay na tiyak na makakamit.



# BHB, umaani ng tagumpay sa Samar

abing-anim na sundalo ang namatay at di bababa sa siyam ang nasugatan sa serye ng mga labanan sa pagitan ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Samar mula Hunyo hanggang unang linggo ng Agosto. Bukod sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba, matagumpay ding nakadepensa ang BHB laban sa matitinding operasyong militar sa panahong ito.

Susi sa mga tagumpay na ito ang malawak at mahigpit na suporta ng masa sa hukbong bayan, ayon kay Jose Sumuroy, tagapagsalita ng Efren Martires Command ng BHB-Eastern Visayas. Aniya, kadalasa'y ang mga magsasaka mismo ang nag-aalerto sa kanilang hukbo kapag may mamataan silang kaaway.

Noong Agosto 2, tatlong sundalo ang napatay at lima ang nasugatan matapos lusubin ng 80 tropa ang kinakampuhan ng BHB sa hangganan ng Catarman, Northern Samar at Calbayog City, Western Samar. Pinakahuli lamang ito sa sunud-sunod na pagkatalo ng AFP sa kamay ng BHB. Bago ito, dalawang sundalo rin ang napatay sa labanan noong Hulyo 11 sa Barangay Cagdao, Silvino Lobos, Northern Samar.

Noong Hulyo 6, tinambangan ng BHB ang isang yunit ng 20th IB sa Barangay Makatingog, Calbayog City, Western Samar. Dalawang sundalo ang napatay at nasugatan ang di mabilang na tropa.

Dalawang araw bago ito, tinambangan ng magkasanib na pwersa ng 14th IB at 63rd IB ang isang iskwad ng BHB sa Dolores, Eastern Samar. Naagaw ng BHB ang inisyatiba at napatay nito ang commanding officer ng 14th IB.

Ang pangingibabaw ng BHB sa labanan sa Dolores ay karugtong ng pananaig din ng mga Pulang mandirigma sa tatlong sunud-sunod na labanan sa pagitan ng AFP at BHB sa Eastern Samar noong Hunyo na

ikinamatay ng pitong sundalo at ikinasugat ng tatlo.

Hunyo 16, nilusob ng 14th IB, kasama ang 63rd IB ang isang yunit ng BHB na noo'y nakahimpil sa isang baryo ng Maslog. Sa halip na mapinsalaan ang BHB, nalagas ang limang sundalo habang dalawa ang nasugatan. Bago ito, nilusob na ng 14th IB at Scout Rangers noong Hunyo 12 ang isang pinaliit na platun ng BHB sa parehong bayan. Subalit ang militar ang nagtamo ng isang patay at isang sugatan sa labanang sila ang nagtakda.

Ang dalawang pag-atake sa Maslog ay ganting-salakay sana ng 14th IB sa ambus ng BHB noong Hunyo 4 sa Barangay Amantacop, Borongan kung saan dalawang sundalo ang napatay at isa ang nasugatan.





### Mga sundalong Amerikano, kinasuhan

KINASUHAN ng taumbaryo ng Umapoy Island, Sipangkot ng Sitangkai, Tawi-tawi ang mga pwersa ng AFP, PNP at ilang sundalong Amerikano ng kasong pagpatay at paglabag sa karapatang-tao noong Hulyo.

Ayon sa mga tagabaryo, sinalakay noong Mayo 25 ng pinagsanib na pwersa ng US Army, Philippine Army at pulis ang isla. Ang mga sundalong Amerikano ay armado ng mga masinggan at aktibong lumahok sa walang pakundangang pamumutok ng AFP at PNP. Labing-isang magsasaka ang inakusang mga myembro ng Abu Sayyaf at iligal na dinampot at idinitine. Pinahirapan ang 11 at pinatay ang tatlo sa kanila.

Apat na sundalong Amerikano at mga elemento ng AFP at PNP ang kinasuhan sa Commission on Human Rights-Western Mindanao. Pinaiimbestigahan na rin ang kaso sa kongreso.

### 32 militar, kinasuhan ng pagpatay at pang-aabuso

ISANG sarhento at 31 pang sundalo ng 44th IB ang sinampahan ng kasong *murder* dahil sa pagkamatay ng mag-asawang Bacar at Carmelita Japalali sa isang operasyong militar nitong Setyembre. Ang kaso ay isinampa nitong Setyembre 10 sa Prosecutor's Office ng Tagum City.

Ayon kay Talib Japalali, kapatid ni Bacar, natutulog sa kanilang bahay sa Sityo Talaba, Barangay Bingcungan noong gabi ng Setyembre 8 ang mag-asawa nang paputukan ng militar ang kanilang bahay. Tinamaan at namatay ang

mag-asawa. Pinaputukan din ng militar ang katabing bahay nina Osmalic Ladia at Rosalim Padama. Ang lahat ng ito'y nasaksihan ni Japalali.

Upang pagtakpan ang kanilang pang-aabuso, ibinalita ng militar sa Southeastern Mindanao na nagkakanlong umano ang magasawang Japalali ng mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan. Nauna rito, ipinahayag nila na ang mag-asawa ay napatay sa 10 minutong sagupaan sa pagitan ng AFP at mga pwersa ng Moro Islamic Liberation Front.

### Pres. Arroyo, binatikos sa ika-32 anibersaryo ng batas militar

MARIING binatikos ng mga progresibong organisasyon ang mapanupil na pamamalakad ng rehimeng US-Arroyo sa paggunita sa ika-32 anibersaryo ng deklarasyon ng batas militar nitong Setyembre 21.

Partikular nilang tinuligsa ang planong pagpapataw ng karagdagang mga buwis at ang paglalagay ng mga dating upisyal militar sa mga susing pusisyon sa gubyerno. Anila, ipinagpapatuloy ni Pres. Ar-

royo ang ilang mapaniil na instrumento ni Marcos noon tulad ng "*no permit, no rally policy*."

Nagmartsa hanggang sa Mendiola Bridge sa Maynila ang may 1,000 kasapi ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), Karapatan, Bayan Muna, Anakpawis, Gabriela, Kilusang Mayo Uno at Anakbayan.

Nagdaos din ng mga pagkilos sa mga lunsod ng Baguio, Bacolod, Davao at Gen. Santos.

### Panibagong panggigipit kay Kasamang Sison, kinundena

KINUNDENA ng mga demokratiko at rebolusyonaryong kilusan sa buong mundo ang panibagong panggigipit ng gubyernong US kay Jose Maria Sison (Kasamang Joema). Alinsunod sa pasistang patakarang Patriot Act USA, hinarang nitong Agosto ang kanyang royalty mula sa bagong librong kolaborasyon nila ng premyadong makabayang nobelista at peryodistang si Ninotchka Rosca, ang Jose Maria Sison: At Home in the World—A Portrait of a Revolutionary.

Produkto ang librong ito ng mga pakikipanayam ni Rosca kay Ka Joema at asawa niyang si Julie de Lima sa Utrecht, The Netherlands. Sinimulan ni Rosca ang pagsusulat nito pagkatapos mabigo ang planong asasinasyon noong Hunyo 2001 kay Ka Joema. Nabalam ang pagsusulat nito nang isama ng US noong Agosto 2002 sa listahan ng mga "terorista" ang PKP, Bagong Hukbong Bayan at si Ka Joema.

Nilalaman ng libro ang mga pananaw at pagsusuri ni Ka Joema di lamang hinggil sa kasaysayan ng lipunan at rebolusyong Pilipino, kundi sa perspektiba ng pandaigdigang kilusang anti-imperyalista. Ang libro ay nagsisilbi ring talambuhay ni Ka Joema, na sa edad na 65 anyos ay gumugol na ng 45 taon sa pagsisilbi sa rebolusyon. Kabilang din sa nilalaman ng libro ang piling mga tula ni Ka Joema. Isa rin siyang premyadong makata na nanalo ng Southeast Asia WRITE Award noong 1986.

Si Rosca ay dating kasapi ng Kabataang Makabayan at isa sa mga tagapagtatag ng Gabriela Solidarity Network USA.



### "Baker Piston" kinundena ng NDF-Southern Mindanao

KINUNDENA ng National Democratic Front-Southern Mindanao Region (NDF-SMR) ang paglulunsad ng "Baker Piston," isang pagsasanay militar ng mga tropang Amerikano at Pilipino laban umano sa "narkoterorismo" na ilulunsad sa Davao City at iba pang bahagi ng Mindanao. "Narkoterorismo" ang bansag sa pagkakasangkot ng umano'y mga teroristang organisasyon sa pangangalakal ng iligal na droga para makalikom ng pondo.

Sa isang pahayag nitong Setyembre 15, sinabi ni Rubi del

Mundo, tagapagsalita ng NDF-SMR, na ginagamit lamang ng US ang kampanya laban sa droga para pagibayuhin ang panghihimasok sa Pilipinas, laluna sa Mindanao. Sa partikular, ani del Mundo, nais ng US na palakasin ang presensyang militar nito sa Mindanao para makontrol nito ang mga rekursong langis at iba pang likas na yaman sa Brunei, Indonesia, Malaysia at Pilipinas. Nais din ng US na mabigyang-daan ang paglaban nito sa mga armadong rebolusyonaryong kilusan na isinusulong ng Bagong

Hukbong Bayan at ng Bangsamoro Islamic Armed Forces.

Ayon kay del Mundo, ang totoo ay ang Central Intelligence Agency ng US ang numero unong promotor ng "narkoterorismo" sa mundo. Ibinigay niyang halimbawa ang kaso ng Colombia, kung saan lihim na nakikipagkutsaba ang US sa mga prodyuser ng poppy, ang halamang pinagmumulan ng drogang opyo, morpina at heroin, subalit ang pinararatangan nitong sangkot sa droga ay ang mga rebolusyonaryong armadong grupo sa bansa.

#### Gera laban sa Iraq, iligal-Kofi Annan

WALANG paliguy-ligoy at pinal nang idineklara ni Kofi Annan, Secretary-General ng United Nations (UN), nitong Setyembre 15 na iligal ang inilunsad na gera ng US sa Iraq. Ayon kay Annan, hindi apru-

#### **PAGTUTUWID**

SUMUSUNOD ang ilang puna hinggil sa pagkakasulat ng balitang "Nominasyon ni Bush, sinalubong ng protesta" na lumabas sa pahina 12 ng isyung Setyembre 7 ng *Ang Bayan*.

Maling ibinalita na nagpahayag ang United for Peace and Justice (UFPJ) ng pagtutol sa gera at pananakop ng US sa Afghanistan at nanawagan ito para suportahan ang pakikibaka ng mamamayang Palestino. Ang nagdala ng panawagang ito ay ang ANSWER (Act Now to Stop War and End Racism) na naglunsad ng mga pagkilos sa araw ding iyon.

Walang upisyal na pahayag ang pamunuan ng UFPJ laban sa nagpapatuloy na gera at pananakop ng US sa Afghanistan bagamat marami-raming grupo sa loob ng UFPJ, tulad ng Not In Our Name (NION) at Freedom Road Socialist Organization (FRSO) ang may gayong paninindigan.

Ikalawa, ang maramihang pang-aaresto noong 1968 sa Chicago ay naganap sa kombensyon ng Democratic Party at hindi ng Republican Party. Matatandaang ang Democrat na si Lyndon Baines Johnson ang presidente noon ng US, at laganap sa panahong iyon ang disgusto sa isinusulong niyang gera sa Vietnam.

Pangatlo, ang wastong titulo ni Jesse Jackson ng Democratic Party ay "Reverend" at hindi "Attorney."

bado ng UN ang ginawang pagsalakay sa Iraq ng koalisyong pinamumunuan ng US. Dadalawa lang, aniya, ang batayan na katanggaptanggap sa UN para maglunsad ng gera—kapag kailangang magtanggol sa sarili ang isang bansa o kailangan nitong kumilos laban sa napipintong pagsalakay dito. Hindi umiiral ang alinman sa mga dahilang ito sa kaso ng Iraq.

Sa kaugnay na balita, pinal na ring idineklara ng Iraq Survey Group (ISG) na wala ngang weapons of mass destruction sa Iraq. Ang ISG ay kinabibilangan ng 1,200 ekspertong Amerikano at British na inatasan ng "coalition of the willing" na hanapin ang weapons of mass destruction na iningatan daw ng Iraq at siyang ginawang sangkalan para salakayin ang bansa.

Sa kabila nito, ipinagpipilitan pa rin nina Presidente George W. Bush ng US at Prime Minister Tony Blair ng United Kingdom na lehitimo ang batayan ng panggegera nila sa Iraq.

Taon XXXV Blg. 18 Setyembre 21, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

## Yayanigin ng mamamayan ang rehimeng US-Arroyo

Was alang pakundangan ang rehimeng US-Arroyo sa pagsasakatuparan nito ng mga patakarang lalong pumipiga at nagpapahirap sa mamamayang Pilipino. Ito ang tanging solusyon ng makadayuhan, antimamamayan at bulok na rehimen sa harap ng

kinakaharap nitong masidhing krisis sa ekonomya at pananalapi ng estado.

Ang krisis na ito ay tanda ng lalo pang pagdausdos ng buong naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal na pinangangasiwaan ng rehimen. Ang pagsidhi nito sa nagdaang mga taon ay bunsod ng bulag na pagsunod ng rehimeng US-Arroyo sa International Monetary Fund sa pagsasakatuparan ng liberalisasyon, pribatisasyon, deregulasyon at denasyunalisasyon.

Walang ibinunga ang mga patakarang ito kundi ang malawakang pagkawasak ng mga produktibong pwersa, malawakang disempleyo at papahigpit na dayuhang kontrol sa produksyon at yaman ng bansa. Binigyang-laya nito ang mga lokal at dayuhang monopolyo, katuwang ang mga naghaharing uri, na pumiga ng sobra-sobrang tubo at pakinabang mula sa mamamayan. Lalong malupit ang pandarambong sa bansa ng imperyalismo sa harap ng ibayong paglala ng pandaigdigang krisis ng monopolyong kapitalismo.



Lalo pang pinasisidhi ang kaapihan at paghihirap ng mamamayang Pilipino ng grabeng burukratikong korapsyon ng rehimeng Arroyo at pagprayoritisa nito ng pagpopondo sa pasistang makinarya at pagpapaigting ng "gerang kontra-terorismo" laban sa mamamayan.

Labis-labis ang desperasyon ng rehimen na makaahon mula sa kinasasadlakang malalim na krisis sa pananalapi at ekonomya. Nagkukumahog ito ngayong makaipon ng sapat na pondo para palutangin ang naghihingalong sistema sa pamamagitan ng pagpataw ng napakaraming dagdag na buwis. Pahihintulutan nito ang walang pakundangang pagtaas ng mga presyong mga bilihin at serbisyo.

Lalo nitong binabarat ang pondo para sa mga batayang serbisyo. Hinahadlangan nito ang matagal nang iginigiit na pagtataas sa sahod ng mga manggagawa at kawani. "Maghigpit ng sinturon," ang sinasabi nito sa hikahos nang mamamayan habang nagpapakasasa sa napakatataas na sweldo at benepisyo ang

Mga tampok sa isyung ito...

Pakikibaka para sa dagdag na sahod PAHINA 3 Ika-3 kumperensya ng Partido sa Cagayan Valley PAHINA 7 Matatagumpay na taktikal na opensiba sa Samar PAHINA 9

### Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang sinundang pahina, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2. Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa panugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*